

## Ano ang BRO-Ed?

Ang Bojie-Rodito Opportunities for Education o BRO-Ed ay ang Provincial Scholarship program ng kasalukuyang administrasyon ni Gov. Bojie G. Dy III at Vice-Gov. Tonypet T. Albano. Tulad ng iba pang component programs ng BRO gaya ng BRO for Livelihood, BRO Healthcare at iba pa, ang BRO for Education ay may pangunahing layunin na matulungan ang bawat mamamayan ng Isabela lalo na ang mga mahihirap at maliliit na magsasaka na ang tanging pangarap ay maiangat ang pamumuhay sa kasalukuyang estado nito. Ang BRO-Ed bilang katuwang nila ay tutulong sa pagpapaaral at magsisilbing daan sa pagkamit ng mga pangarap ng kanilang mga anak.

Sa kasalukuyan, umaabot na sa humigit-kumulang **15,000 scholars kada semester** ang BRO-Ed na naka-enrol sa iba't ibang kampus ng Isabela State University (ISU) at Philippine Normal University (PNU)-Isabela. Ang ilan sa kanila ay nag-aaral din sa iba pang unibersidad gaya ng University of the Philippines, Polytechnic University of the Philippines, Central Luzon State University, Cagayan State University at iba pa. Binuksan na rin ang programa sa mga mahihirap ngunit karapat-dapat na anak ng magsasaka na nag-aaral sa ilang pribadong paaralan gaya ng Saint Ferdinand College, HGB College, Mallig Plains College, University of Perpetual Help System at Isabela College of Arts and Technology.

Taon-taon, ang mga scholars na ito pinaglalaanan ng umaabot sa **30 milyong pisong pondo** bawat semester nasiyang may pinakamalaking alokasyon sa EDF ng provincial government.

Ang BRO for Education ay pinagtibay ng pangarap ni Gov. Bojie at Vice-Gov. Tonypet na magkaroon ng **isang iskolar ang bawat pamilyang Isabeleño**. Dahil higit sa lahat, naniniwalaang administrasyong Dy-Albano na edukasyon ang solusyon sa pag-unlad at patuloy na pagkakaisa sa Isabela.



## Sino ang makikinabang sa BRO-Ed?

Ang BRO-Ed ay para sa lahat ng anak ng mahirap at maliliit na magsasakang Isabeleño na ang lupang sinasaka ay umaabot lamang sa 1/4 hanggang isang ektarya. Kabilang din dito ang mga magsasakang nangungupahan lang o tenant farmers at mga manggagawang bukid o farm laborers.



Makikinabang na dito ang mga kabataan dahil makapagpatuloy na sila ng pag-aaral. Makikinabang din ang mga magsasaka dahil mababawasan ang kanilang gastusin sa pagpapaaral ng kanilang mga anak. Sa sistemang ito, garantisado na magkakaroon ng collegegraduate kada pamilya ng small farmer.

Sa kasalukuyan, umaabot na sa humigit-kumulang **12,500 ang mga scholars na anak ng maliliit na magsasaka at manggagawang bukid** na tumatamasa ng mga benepisyo ng programa. Dagdag pa rito, ang BRO-Ed ay bukas din para sa mga karapat-dapat na anak ng mga mahihirap na mamamayan o indigents. Ang BRO-Ed ay nahahati sa dalawang programa: ang **BRO-Non Academic at BRO-Academic**.

<p><b>BRO-NON ACADEMIC</b></p>	<p>Para sa mga anak ng maliliit na magsasaka at mahihirap na naka-enrol sa <b>iba't ibang campus ng ISU, PNU, SFC, MPC, HGB, UPHS at ICAT.</b></p>
<p><b>BRO-ACADEMIC</b></p>	<p>Para sa mga anak ng maliliit na magsasaka at mahihirap na nagtapos ng high school na kabilang sa <b>TOP 12 ng graduating class (Valedictorian hanggang 10<sup>th</sup> Honorable Mention)</b></p>

## Ano ang mga benepisyo sa BRO-Ed?

<p><b>BRO-NON ACADEMIC</b></p>	<p><b>FREE TUITION FEE</b> (Maximum of 3,000.00/semester) Kapag natanggap na ang isang scholar sa BRO-Ed, ang kapitolyo ang magbabayad ng tuition fee direktso sa eskwelahan.</p>
<p><b>BRO-ACADEMIC</b></p>	<p><b>CASH ALLOWANCE</b> <b>Valedictorian:</b> Tumatanggap ng 5,000.00/semester. <b>Salutatorian:</b> Tumatanggap ng 4,000.00/semester. <b>1<sup>st</sup> to 10<sup>th</sup> HM:</b> Tumatanggap ng 3,000.00/semester. Ang benepisyo ng mga Academic Scholar ay makukuha nila bago matapos ang semester sa Cash Division ng kapitolyo.</p>

## Ano ang dapat gawin para makasali sa BRO-Ed?

Para mapabilang sa programa, kailangang ipasa ang mga sumusunod na requirements sa BRO Office, Queen Isabela Park sa Ilagan o sa Extension Office ng Office of the Governor, FLD St., District 1, Cauayan City at sa San Fabian, Echague.

1. Duly Accomplished BRO-Ed Form
2. 2x2 ID picture
3. Certificate of Academic Rank signed by the Principal (for Academic Scholars only)
4. Certificate of Indigency
5. School Assessment of Fees
6. High School Report Card (1<sup>st</sup> year) o Certificate of Grades signed by the Registrar
7. Birth Certificate (17 years old below) o Voter's Certification (18 years above)



Samantala, upang patuloy na mapabilang sa scholarship program, dapat sundin ng scholar ang sumusunod na panuntunan:

1. Mag-renew ng kanyang scholarship kada semester.
2. Sa pagrenew, kailangang mapanatili ang sumusunod na General Weighted Average:
  - a. GWA para sa BRO-NON ACADEMIC: 80%
  - b. GWA para sa BRO-ACADEMIC: 85% o 2.0
3. Kailangang walang bagsak na grado.



Office of the Governor  
BRO Farmer Assistance Program Office



Republic of the Philippines  
PROVINCE OF ISABELA  
City of Ilagan

**BRO** for **EDUCATION**  
(BRO-Ed)

College Scholarship para sa anak  
ng Maliliit na Magsasaka



“Isang College Graduate sa bawat pamilyang Isabeleño, ito ang pangarap na tutuparin natin,

**BRO!**



Queen Isabela Park  
Capitol Grounds, Alibagu  
City of Ilagan, Isabela  
Tel No.: 323-0598  
0917-809-3178/0906-440-0227  
broed.isabela@gmail.com

